



Impormasyon para sa mga Paaralang K-12 sa Illinois Hinggil sa 2019 Novel Coronavirus

Ano ang 2019 Novel Coronavirus (2019-nCoV)?

Ang 2019 Novel Coronavirus, o 2019-nCoV, ay isang panibagong virus na nagdudulot ng sakit sa paghinga na natukoy noong Disyembre 2019 bilang sanhi ng biglang pagkalat ng sakit (outbreak) sa Wuhan, Lalawigan ng Hubei, China. Ang mga nagkakasakit ng 2019-nCoV ay nagkakaroon ng katamtaman hanggang matinding sakit sa bagà na may sintomas na kinabibilangan ng lagnat, ubo, at kahirapan sa paghinga. Maaaring magsimula ang karamdaman mula 2 hanggang 14 araw pagkatapos ng pagkahantad (exposure). Bagama't malaki ang tsansa na nagmula sa hayop ang virus na ito, maaari din itong maipasa nang tao-sa-tao. Ang pagkalat mula sa isang tao patungo sa iba pa ay ipinagpapalagay na nagaganap nang pangunahin sa pamamagitan ng respiratory droplets na nalilikha kapag ang umubo o bumahin ang isang taong may-sakit. Kadalasan, sa karamihan ng mga respiratory virus, sinasabing pinakanakahahawa ang mga tao kapag sila ay may sintomas.

Ang mga pinakahuling updae ng buod sa pambansang sitwasyon, kabilang ang bilang ng mga kaso na natukoy sa Estados Unidos, ay matatagpuan sa web page ng CDC na [2019 Novel Coronavirus, Wuhan, China](#). Mahahanap ang mga update sa sitwasyon ng estado sa [DPH.ILLINOIS.GOV](#).

Ano ang panganib sa kalusugan mula sa 2019-nCoV sa Illinois?

Sa kasalukuyan, ang panganib sa kalusugan sa pangkalahatang publiko mula sa 2019-nCoV ay nananatiling mababa, kapuwa sa U.S. at sa Illinois. Ang layunin ng nagpapatuloy tugon ng pampublikong kalusugan U.S. ay upang mabilis na ma-detect ang mga bagong kaso at mapigilan ang pagkalat sa komunidad ng 2019-nCoV. Inaasahan na ang mga parating na araw at linggo ay magdadala ng higit pang mga kumpirmadong kaso ng 2019-nCoV sa U.S. at pati sa buong mundo, ngunit ang matatatag na mga hakbang para sa pampublikong kalusugan ngayon ay posibleng makahadlang sa impact ng virus.

Anong mga espesyal na pag-iingat ang kailangang isagawa ng mga paaralan sa Illinois?

Bunsod ng kamakailang pagbilis ng 2019-nCoV transmission sa buong Tsina at alinsunod sa kasalukuyang pederal na patnubay, inirerekomenda ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Illinois (IDPH) ang mga sumusunod:

- **Sinumang estudyante na babalik mula sa mainland China simula Pebrero 3, 2020 ay hindi dapat pumasok sa paaralan nang 14 araw pagkatapos ng petsa ng pagbalik.**
- Ang pag-absent dahil sa ganitong dahilan ay ie-excuse.
- Ang mga kamag-anak ng mga estudyanteng ito ay hindi dapat pumunta sa trabaho kung bumiyahé din sila patungong mainland Tsina.

Epektibo ang pansamantalang patnubay na ito ngayong Pebrero 3, 2020, at hindi dapat ilapat nang may pagbalik-saalang-alang (retrospection) sa mga estudyanteng nagpunta sa Tsina sa loob ng nakaraang 14 araw at nasa U.S. ngayon, o iyong mga sinusuri bilang bahagi ng isang imbestigasyon sa kontak.

*This has been adapted from the Chicago Department of Public Health.
Updated 2/5/20.*



Ang mga estudyanteng bumalik mula mainland Tsina bago ang Pebrero 3, 2020 ay maaaring manatili sa paaralan.

Kung ang isang estudyante na bumalik mula mainland Tsina bago ang Pebrero 3, 2020 ay nagkaroon ng mga sintomas pambaga kabilang ang lagnat, ubo, at kahirapan sa paghinga, **ipaalam agad** sa inyong Lokal na Kagawaran ng Kalusugan. **Mangyaring tandaan na may iba pang mga respiratory virus tulad ng trangkaso (influenza) na kasalukuyang kumakalat sa Illinois.** Tumawag muna bago dalhin ang estudyante sa tanggapan ng doktor o sa emergency department para mapigilan ang anumang potensiyal na pagkahawa.

Mabilis na nagbabago ang sitwasyon, at masugid namin itong sinusubaybayan. Ia-update ang mga patnubay kung kinakailangan.

Ano ang mga pinakahuling hakbang para sa pampublikong kalusugan?

Habang nagbabago ang mga proseso ng airport screening, simula Pebrero 3, 2020, nagsimulang makatanggap ang IDPH ng impormasyon hinggil sa mga papasok na nagbiyahe mula sa buong Tsina na maaaring may panganib, at kung angkop, aatasan silang manatili sa tahanan at lumiban sa paaralan at trabaho, at malayuang silang susubaybayan. Makikipag-ugnayan ang IDPH sa administrasyon ng paaralan tungkol sa mga indibidwal na sitwasyon kung kinakailangan.

Kung may estudyante kami na nagkasakit sa paaralan at isa na ngayong taong imiimbestigahan o person under investigation (PUI), ano ang sasabihin namin sa mga magulang?

Sa pangkalahatan, patuloy na sumunod sa mga karaniwang proseso para sa pagkabatid ng mga magulang/tagabantay ng mga estudyante sa paaralan na may-sakit. Titingnang muli ng IDPH ang mga paaralan na nanangailangan ng higit na mas partikular na patnubay.

Dapat ba tayong mabahala sa mga alagang hayop sa silid-aralan o iba pang hayop at 2019-nCoV?

Inirerekomenda ng CDC na umiwas sa mga hayop, patay man o buhay, ang mga taong bumibiyahe pa-Tsina, ngunit walang dahilan upang isipin na maaaring pagmulan ng impeksiyon ng bagong coronavirus ang anumang hayop o alaga sa Estados Unidos.

Isa sa mga estudyante namin ay isang exchange student mula China. Maaari ba silang umuwi?

Inirerekomenda ng IDPH sa mga estudyante na **umiwas sa pagbiyahe pa-Tsina**. Ang mga pinakahuling update sa pagbibiyaha ay matatagpuan sa web page ng CDC na [Traveler's Health](#).

Paano mapipigilan ng mga paaralan ang mga impeksiyon sa 2019-nCoV at iba pang sakit sa bagà?

Kasalukuyang walang bakuna para maiwasan ang impeksiyon ng 2019-nCoV. Hinggil naman sa anumang respiratory virus, maaaring maprotektahan ng mga estudyante at school personnel ang kanilang mga sarili sa pagsasagawa ng mga pang-araw-araw na karaniwang gawain:

*This has been adapted from the Chicago Department of Public Health.
Updated 2/5/20.*



- Madalas na maghugas ng kamay gamit ang sabon at tubig nang 20 segundo. Kung walang sabon at tubig, gumamit ng isang alcohol-based hand sanitizer na may hindi bababa sa 60% alcohol.
- Umiwas sa paghawak sa mata, ilong, at bibig kung hindi naghugas ng kamay.
- Umiwas sa pakikisalamuha sa mga taong may-sakit.
- Manatili sa tahanan kapag ikaw ay may-sakit.
- Takpan ang pag-ubo o pagbahin gamit ang tisyu, at itapon ito sa basurahan pagkatapos.
- Linisin at i-disinfect ang mga madalas hawakang bagay at rabaw (surface).

HINDI inirerekomenda ng IDPH:

- paggamit ng mga mask o guwantes
- pagkansela ng mga maramihang pagtitipon
- pagsususpende ng klase

May kinakailangan bang espesyal na proseso sa paglilinis?

Sa oras na ito, walang espesyal na proseso sa sanitation na higit pa sa pangkaraniwang paglilinis ang kinakailangan o inirerekomenda upang mapabagal ang pagkalat ng sakit sa bagà. Dapat sundin ng mga paaaralan ang mga regular na proseso sa kinaugaliang paglilinis at pagdi-disinfect gamit ang isang produktong nakarehistro sa EPA. Matatagpuan ang pangkalahatang patunbay para sa pagkontrol ng impeksiyon sa www.cdc.gov/infectioncontrol.

Ano ang dapat gawin ng mga health center sa eskwela upang mapigilan ang pagkalat ng 2019-nCov?

Kung naunang tumawag ang isang estudyanteng bumiyahe pa-Tsina sa loob ng huling 14 araw at may nakababahalang sintomas, kumalap ng detalyadong kasaysayan nito sa telepono bago tukuyin ang lokasyon ng triage. Dapat agad na kontakin ng mga health center sa eskwela (SBHCs) ang lokal na kagawaran ng kalusugan.

Para sa higit pang impormasyon, mangyaring bumisita sa DPH.ILLINOIS.GOV o www.cdc.gov/coronavirus.

- ng kamay.
- Umiwas sa pakikisalamuha sa mga taong may-sakit.
- Manatili sa tahanan kapag ikaw ay may-sakit.
- Takpan ang pag-ubo o pagbahin gamit ang tisyu, at itapon ito sa basurahan pagkatapos.
- Linisin at i-disinfect ang mga madalas hawakang bagay at rabaw (surface).

IDPH **HINDI** inirerekomenda:

- paggamit ng mga mask o guwantes
- pagkansela ng mga maramihang pagtitipon
- pagsususpende ng klase

*This has been adapted from the Chicago Department of Public Health.
Updated 2/5/20.*



May kinakailangan bang espesyal na prosidur sa paglilinis?

Sa oras na ito, walang espesyal na proseso sa sanitation na higit pa sa pangkaraniwang paglilinis ang kinakailangan o inirerekomenda upang mapabagal ang pagkalat ng sakit sa bagà. Dapat sundin ng mga paaaran ang mga istandard na proseso sa kinaugaliang paglilinis at pagdi-disinfect gamit ang isang EPA-registered product. Matatagpuan ang general infection control guidance sa www.cdc.gov/infectioncontrol.

Ano ang dapat gawin ng mga school-based health center upang mapigilan ang pagkalat ng 2019-nCov?

Kung naunang tumawag ang isang estudyanteng bumiyahé pa-China sa loob ng huling 14 araw at may nakababahalang sintomas, kumalap ng detalyadong kasaysayan nito sa telepono bago tukuyin ang lokasyon ng triage. Dapat agad na kontakin ng mga school-based health centers (SBHCs) ang Local Health Department.

Para sa higit pang impormasyon, mangyaring bumisita sa DPH.ILLINOIS.GOV o www.cdc.gov/coronavirus.